Discover • Understand • Apply

GROWING IN SANCTIFICATION

# BIBLE STUDY

## Marcos 5:21-43

SMALL GROUP SESSIONS

Hunyo 19-25, 2022



Kamuning Bible Christian Fellowship

# Marcos 5:21-43

## Take Home Principle




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Anak ni Jairo at ang Babaing Dinudugo

21 Si Jesus ay sumakay sa bangka[a] at
bumalik sa kabilang ibayo. Nasa baybayin
pa lamang siya ng lawa ay dinumog na
siya ng napakaraming tao. 22 Naroon din
ang isang tagapamahala ng sinagoga na
ang pangalan ay Jairo. Pagkakita kay
Jesus, siya'y lumuhod sa paanan nito




# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

23 at nagmakaawa, “Nag-aagaw-buhay
po ang anak kong dalagita. Maawa po
kayo, sumama kayo sa akin at ipatong
ninyo sa kanya ang inyong kamay upang
siya ay gumaling at mabuhay!”


24 Sumama naman si Jesus. Ngunit
sumunod din sa kanya ang napakaraming
tao, kaya't halos maipit na siya.



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


25 Kasama rin doon ang isang babaing
labindalawang taon nang dinudugo. 26
Hirap na hirap na siya sa sakit na iyon, at
marami nang doktor ang sumuri sa kanya.
Naubos na ang kanyang ari-arian sa
pagpapapagamot ngunit hindi pa rin siya
gumagaling. Sa halip, lalo pang lumala
ang kanyang karamdaman.



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

27 Nabalitaan niya ang tungkol kay Jesus
kaya't nakipagsiksikan siya hanggang sa
makalapit sa likuran ni Jesus, at hinipo ang
damit nito, 28 sapagkat iniisip niyang:
“mahipo ko lang ang kanyang damit,
gagaling na ako.” 29 Agad ngang tumigil
ang kanyang pagdurugo at naramdaman
niyang magaling na siya.




# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

30 Naramdaman agad ni Jesus na may
kapangyarihang lumabas sa kanya, kaya't
bumaling siya sa mga tao at nagtanong,
“Sino ang humipo sa aking damit?”


31 Sumagot ang kanyang mga alagad,
“Nakikita po ninyong napakaraming
nagsisiksikan sa paligid ninyo, bakit pa
ninyo itinatanong kung sino ang humipo sa
damit ninyo?”



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

32 Subalit lumingun-lingon si Jesus upang
tingnan kung sino ang humipo sa damit
niya. 33 Palibhasa'y alam ng babae ang
nangyari, siya'y nanginginig sa takot na
lumapit kay Jesus, nagpatirapa, at
ipinagtapat ang buong katotohanan. 34
Subalit sinabi sa kanya ni Jesus, “Anak,
pinagaling ka ng iyong pananampalataya.
Umuwi ka na at ipanatag mo ang iyong
kalooban. Ikaw ay magaling na.”




# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

35 Habang nagsasalita pa si Jesus, may
ilang taong dumating mula sa bahay ni
Jairo. “Patay na po ang inyong anak.
Huwag na po ninyong abalahin ang Guro,”
sabi nila.


36 Ngunit nang marinig ito ni Jesus, sinabi
niya kay Jairo, “Huwag kang matakot;
manampalataya ka lamang.”



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


37 At hindi pinayagan ni Jesus na sumama
sa kanya ang mga tao maliban kina Pedro
at ang magkapatid na Santiago at Juan.
38 Nang dumating sila sa bahay ni Jairo,
nakita ni Jesus na nagkakagulo ang mga
tao, may mga nag-iiyakan at
nananaghoy. 39 Pagpasok niya ay
kanyang sinabi, “Bakit kayo nagkakagulo
at nag-iiyakan? Hindi patay ang bata.
Siya'y natutulog lamang.”



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

40 Dahil sa sinabi niya, pinagtawanan siya
ng mga tao. Subalit pinalabas niya ang
lahat maliban sa tatlong alagad at sa
mga magulang ng bata, at pumasok sila
sa kinaroroonan ng bata. 41 Hinawakan ni
Jesus ang kamay ng bata at sinabi,
“Talitha koum,” na ang ibig sabihi'y “Ineng,
bumangon ka!”



# Marcos 5:21-43

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

42 Noon di'y bumangon ang bata at
lumakad, at labis na namangha ang lahat.
Ang batang ito'y labindalawang taong
gulang na. 43 Mahigpit na ipinagbilin ni
Jesus na huwag nilang sasabihin
kaninuman ang nangyari. Pagkatapos,
iniutos niyang bigyan ng makakain ang
bata.

# Mahalagang
## Prinsipyo sa Buhay

Bilang anak ng Diyos, ako ay magtitiwala sa aking Ama sa langit sa lahat ng panahon, maging sa mga desperadong sitwasyon.

# QUESTION 1

Sa v. 22-23, sino si Jairo, at ano ang kanyang isinumamo kay Hesus?



PAGTUKLAS

Marcos 5:21-43

# QUESTION 2

Ano ang naging tugon ni Hesus sa pagsusumamo ni Jairo?



## PAGTUKLAS

Marcos 5:21-43



PAGTUKLAS

Marcos 5:21-43

# QUESTION 3

Ano ang nangyari sa bahay ni Jairo?



# PAGTUKLAS

Marcos 5:21-43


# QUESTION 4

Sa kuwento sa gitna ng kuwento ni Jairo, sa v. 25-34, paano nakaranas ng kagalingan mula kay Hesus ang babaeng labindalawang taon nang dinurugo?



PAG-UNAWA

Marcos 5:21-43



# QUESTION 1

Nang marinig ni Hesus ang balita na ang anak ni Jairo ay patay na, sinabi Niya agad kay Jairo na huwag itong matakot at manampalataya lamang (v. 36). Ano sa palagay mo ang klase ng pananampalataya na gusto ni Hesus na magkaroon si Jairo sa oras na iyon?



# QUESTION 2

Sa iyong palagay, bakit pa hinanap ni Hesus ang taong humipo sa Kanyang damit sa gitna ng napakaraming tao na nakapaligid sa Kanya?

## PAG-UNAWA

Marcos 5:21-43



# QUESTION 1

Kung ikaw si Jairo, ano ang iyong gagawin kung hindi sinagot ni Hesus ang iyong pagsusumamo na pagalingin ang iyong anak, o kahit sino pang mahal mo sa buhay, at sila ay namatay?

## PAGTUGON

Marcos 5:21-43



# QUESTION 2

Kung ikaw ang babaeng pinagaling mula sa mahabang taon ng pagdurugo, ano ang iyong magiging reaksyon sa paghahanap ni Hesus sa iyo, at sa mga salitang Kanyang sinabi?



## PAGTUGON

Marcos 5:21-43





PAGTUGON

**Marcos 5:21-43**



# QUESTION 3

Ayon sa kantang Trust His Heart,
*"God is too wise to be mistaken*
*God is too good to be unkind*
*So when we don't understand*
*When we don't see His plan*
*When we can't trace His hand, trust His heart."*

Paano sinusubok ang iyong pananampalataya sa Diyos sa ngayon? Manalangin at kausapin ang Diyos gaya ng pakikipag usap ng isang anak sa kanyang ama. Hilingin na tulungan ka Niya na maging matatag sa iyong pananampalataya sa Kanya sa lahat ng panahon, maging sa mga desperadong sitwasyon.

# Mga Awit 119:9-16

## Take Home Principle



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Mahalagang
## Prinsipyo sa Buhay

Bilang anak ng Diyos, ako ay magtitiwala sa aking Ama sa langit sa lahat ng panahon, maging sa mga desperadong sitwasyon.

## Small Group Sessions

# CLOSING PRAYER



Discover • Understand • Apply

GROWING IN SANCTIFICATION

# BIBLE STUDY

## Marcos 5:21-43

SMALL GROUP SESSIONS

See You Next Week!



Kamuning Bible Christian Fellowship


KBCF
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584